

# Mensahe ni Justo Takayama Ukon (para sa kanonisasyon)

Ang taong tinahak ang landas ng pagka masunurin  
Justo Takayama Ukon (1552-1615)



Bronze statue of Ukon (by Yasutake Funakoshi, The Museum of the 26 Martyrs in Nagasaki)

Ang Simbahang Katolika ng Japan ay may kakaibang simula kung ikukumpara sa mga ibang bansa sa mundo. Ang pagpahayag ng mabuting balita ni Francis Xavier noong 1549 ay kumalat sa buong bansa na ayon sa mga kasulatan, sa loob ng 40 na taon ang bilang ng mga Kristiyano ay umabot ng mahigit na 300,000. Subalit noong 1587, na kung saan ang simbahan ay di pa sapat na matatag, ang makapangyarihang Toyotomi Hideyoshi (1537-1598) ay nagbigay ng kautusan na parusahan ang mga taong naniniwala sa Simbahang Katolika. Habang tumagal ang batas na ito ay lalong naging mas mahigpit at noong bago magsimula ang ika-17 na siglo, ang sinumang may pananampalataya ay pinarurusahan pati na rin ang kanyang mga kamag-anak. Ang pagbabawal sa pagsamba sa Katoliko ay tumagal ng mahigit na 280 na taon hanggang noong 1873. Sinasabi nila na dahil sa nasabing kautusan mahigit na 20,000 ang mga naging martir. Ganun pa man ang Simbahang Katolika ng Japan ay hindi tuluyang nawala. Simula noong naging mas mahigpit ang pag-uusig noong simula ng ika-17 na siglo hanggang sa mahigit na 200 na taon, ang mga Kristiyano ay hindi nagbitiw sa kanilang pananampalataya maski sila ay hindi nabigyan ng sapat na pag-aaruga ng mga kaparian at misyonero.

## Ang buhay ni Ukon

Ang sikat na kristyanong lider pyudal na si Takayama Ukon (1552-1615) ay nagsagawa ng matatag na pundasyon na nakatulong sa pagpatayo ng Simbahan Katolika. Siya ay kilalang isang karaniwan lider na aktibo noong kalagitnaan ng ika-16 na siglo kung saan ang bansang hapon ay nasa digmaang sibil. Nakilala ni Ukong ang mga misyonerong Heswita at siya ay naging Katoliko sa edad na 12 kasabay ang kanyang ama na si Dario. Siya ay isang aktibo at pinagkakatiwalaang utusan ni Oda



The title page of "DOCTRINA CHRISTAM" published in 1600 from Bensei Publishing



Catholic Church of Takatsuki where Takayama family lived for over 13 years.


Nobunaga (1534-1582), na sumupil sa matagal ng digmaang sibil pati rin ang kanyang kapalit na si Hideyoshi. Ang dalawang shogun na ito ay gumawa ng napakalaking hakbang upang mapatibay ang kanilang malakas na kapangyarihan sa buong bansa. Si Hideyoshi na nagkaroon ng pangunawa sa Simbahang Katolika ay nagpasya noong 1587 tungkol sa kanyang mga batas sa relihiyon at kanyang pinauwi sa kani-kanilang bansa ang mga misyonerong banyaga, pinagiba

ang mga simbahan sa Kyoto at Osaka, inantasan ang mga lider pyudal na talikuran ang kanilang mga pananampalataya. Dahil si Ukon ay hindi sumunod sa nasabing kautusan siya ay nawalan ng antas at ang kanyang sakop na lugar ay nilusob.

Noong namatay si Hideyoshi, ang pamilyang Tokugawa ang nagpalakad ng buong bansa kung saan sila ay nagtayo ng pamunuan sa Edo (kasalukuyang Tokyo). Kanilang pinagpatuloy ang pagbawal sa pagsamba sa Simbahang Katolika. Ang pamahalaan ay nag-alala sa magiging impluwensya ni Ukon kaya pinapunta siya sa Pilipinas kasama ang mga 300 na Katoliko. Dito sila ay malugod na tinanggap ng buong Pilipinas sa kanilang pagdating sa Manila ngunit siya ay nagkasakit ng malubha at makalipas ang apat na pung (40) na araw siya ay sumakabilang buhay noong gabi ng Pebrero 3, 1615. Siya ay pinarangalan ng buong bansa at nilibing sa Pilipinas. Kinilala siyang bilang isang martir at nagkaroon ng imbestigasyon para sa kanyang kanonisasyon subalit sa mga panahong iyon ay napakahirap kumuha sa bansang Hapon ng mga katibayang papeles kaya hindi ito naisatuparan. Subalit sa kasalukuyan, ang simbahan ng Japan, sa tulong ng simbahan ng Pilipinas ay ipinagpatuloy ito para maisatuparan ang proseso sa kanonisasyon ni Ukon.

### Ang mga mensahe ni Ukon para sa atin: ang tuntunin ng pagpapasya

Ang buhay ni Ukon bilang isang pinunong militar na may malakas na kapangyarihan ng namumunong partido ay kalimitang nalalagay sa sitwasyon kung saan kailangan niyang mag-desisyon na minsan mahirap iwasan. Kung minsan siya ay nasa mahirap na sitwasyon kung saan kailangan niyang pumili kung alin sa pagpapahalaga sa mabuting salita ng Diyos o sa maka-mundong bagay. Ang mga pagpapasya bilang isang lider na may pananampalataya sa Diyos ay minsan mahirap kahit sa anong henerasyon. Si Ukon ay may malinaw na prinsipyo na nagbigay gabay sa kanya sa pagpapasya at pag sunod sa wastong landas ng Panginoon. Para matugunan ang pagmamahal ng Panginoon na magmahal ng walang hanggan upang tayo'y tubusin sa ating mga kasalanan, at tanggapin ang takda ng tadhana na mamatay ----



Portrait of Ukon (a part of mosaic in the Jesuit Church in Santa Cueva de Manresa, Spain)

ito ang bagay na kanyang matatag na pinanghawakan, ang tunay na matibay na bagay upang magpasya sa kanyang talang buhay. Siya'y nabagabag sa paniniwala na ang pagmamahal ng Diyos ang daan sa kaligayahan ng mga tao.

Taong 1578 nang ang kanyang nagsusumamong lider na si Araki Murashige ay nagtaksil kay Oda Nobunaga, kanyang kinumbinse si Ukon na tumalikod din na naging napakahirap sa kanya. Kung siya ay kakampi kay Araki Murashige maaaring ang mga misyonero ay parusahan ni Oda Nobunaga at kung siya naman ay kakampi dito ang buhay ng kanyang bunsong kapatid na babae at bunsong anak na lalaki na nasa poder ni Araki Murashige bilang bilanggo ay malalagay sa panganib. Nagkaroon sila ng alitan ng kanyang ama na si Dario na kumampi kay Murashige. Ipinagdasal



Marble statue of Ukon (by Nicolao Arrighini, Catholic Church in Takatsuki)

niya ang kanyang mga pagdurusa at siya'y nagpasyang bumisita kay Nobunaga. Sa pag-ako ng pagkatalo, binalik ni Murashige ang kanyang mga bilango kay Ukon. Ang isang pinaka-malaking pagpapasya ni Ukon ay noong 1587, nang ang pinaka-malakas na lider ng kanyang panahon na si Hideyoshi ay ipinagbawal ang Kristiyanismo. Pinagbawalan ni Hideyoshi si Ukon at may mahigpit na utos na kung hindi niya tatalikuran ang pagiging Kristiyano, ang kanyang sakop na lugar ay kukunin at siya ay palalayasin. Kung pipiliin niyang talikuran ang Simabahang Katolika, ay magkakaroon siya ng mas mataas na katungkulan at kung ipagpapatuloy niya ito siya ay magiging kawawa at mamumuhay sa kahirapan. Ipinasabi niya ito sa nagdala sa kanya ng mensahe mula kay Hideyoshi na kanya itong dadalawing na walang dalang armas at ipaalam din ang kanyang nasa isipan, idinagdag pa niya na mas ikatutuwa niya kahit siya'y ipapatay. Siya ay ipinagtabuyan at namuhay ng walang tiyak na tirahan. Noong namatay si Hideyoshi at pumalit si Tokugawa bilang pinuno kanyang ipinagpatuloy ang pagbabawal ng Kristiyanismo at inutusan si Ukon na mangibang bansa dahil sa patuloy pa rin nito sa paniniwala. Siya ay lumisan mula sa Nagasaki noong Nobyembre 8, 1614 at pagdating sa Maynila ay nagkasakit ng malubha at binawian ng buhay noong gabi ng Pebrero 3, 1615 para makasama ang ating Panginoon. Dahil sa siya'y pinagtabuyan at namatay sa ibang bansa, si Ukon ay ginawaran ng mataas na karangalan sa Maynila bilang isang martir. Sa kasalukuyan ang CBCJ (kapulungan ng mga obispo ng Japan) ay humihiling na siya'y kilalanin bilang martir at ipagawa ang proseso ng kanonisasyon.

### Buhay ng pagpakumbaba

Noong ika-16 at ika-17 siglo, kapanahunang nabubuhay si Ukon, ang Japan ay balisa sa marahas na digmaang sibil. Mga panahon na ang mga sakim ay nanglililang para kumamkam ng kayamanan, kapanghyarihan & dangal. Mga panahon na kung saan ang pangkalahatang lipunan ay nais umangat. Si Ukon ay isang tao na marunong gumawa ng paraan para sa ikabubuti ng buhay. Siya ay hindi nasilaw sa mga maka-mundong kayamanan at pinagpatuloy ang kanyang pangitain, na kung hindi man nakikita ng ating mga mata o kahit nasa malayo ang kaligayahan. Hindi siya nagkamali sa pagpili sa landas



Stone statue of Ukon (by Masayoshi Abe, Cathedral of Osaka)

na tatahakin bilang isang lingkod ng Panginoon. Sa gitna ng kaguluhan na halos ang lahat ay nais umangat sa taas, pinili niyang magpakumbaba. Sa mga pagkakataon na kung saan ay kailangan niyang pumili ng landas na tatahakin, pinili pa rin niya ang buhay mahirap nguni't may kaligayan sa kanyang puso. Ang landas na kanyang pinili ay patungo kay Kristo, ang pagpasan ng krus, pagpapakumbaba at natagpuan niya ang Panginoon. Ang matibay na pagasa ay naroon. Bilang Kristiyano, batid natin na ang Panginoon ay nagpakumbaba, naghirap para matubos ang sanlibutan. Siya ay umakyat sa langit kasama si Hesus at humarap sa Diyos Ama.

Ang Panginoon ay wala sa malayo, Siya ay nasa ating tabi lamang. Iyan ang aral ni Ukon sa ating mga may panampalataya sa Diyos. Sa kasalukuyang panahon na kung saan tayo'y kailangan pumili sa mga bagay na magbibigay kaligayahan, tayong may pananampalataya kay Hesus ay may makukuhang aral mula kay Ukon na tayo'y sumunod sa Panginoon ng tuwid at walang pagkakamali.

